DEPED - QUEZON
ICT UNIT
UPLOADED
Date/Time JUL 27 2023
By: ____ 9:51 am
Ref. no. DM 584, s. 2023

24 Hulyo 2023

**MEMORANDUM PANDIBISYON**
**Blg. 584 s. 2023**

**2023 TAUNANG GAWAING KAPULUNGAN NG GATFILZON**

**PARA SA**: Mga Pangalawang Tagpamanihala ng mga Paaralan
MgaTagamasid Pampurok
Mga Punongguro / Ulongguro
Mga Guro ng Elementarya at Sekondarya

---

1. Bilang pagsuporta sa Proyektong *SHINE (Strengthening Holistic Interventions to Nurture Teachers Empowerment*) at Proyektong *BRIGHT* (*Bracing Research Initiatives to Guide and Harness Teaching*) ng SDO Quezon CID-IMS , ang GATFILZON (Guro at Tagapagtaguyod ng Filipino sa Quezon) sa pakikipag-ugnayan sa KWF( Komisyon sa Wikang Filipino) ay magsasagawa ng Ika-16 na Gawaing Kapulungan sa ika-5 ng Agosto, 2023 na may temang ***"GATFILZON Katuwang ng KWF at Deped Quezon sa Pagtataguyod ng Diyalektong Quezonian tungo sa Pagpapaunlad ng Wikang Pambansa."***
2. Pangunahing layunin ng Gawaing Kapulungan na mapaunlad ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa Maka-Pilipinong pananaliksik. Ang iba pang layunin ay ang sumusunod:
   a. mabigyang kaalaman ang mga guro hinggil sa napapanahong isyu at kalakaran sa Wika at Panitikan;
   b. mapalakas ang ugnayan ng mga kasapi ng GATFILZON tungo sa sama-samang pagtataguyod ng diyalekto ng Quezon at pagpapayabong ng Wikang Filipino upang lalo pang mapaunlad ang karunungan at kakayahan ng mga guro at mag-aaral na Quezonian"
3. Inaasahan ang pagdalo sa kapulungang ito ng lahat ng mga opisyal at miyembro ng GATFILZON kasama ang iba pang interesado sa pananaliksik, wika at panitikan. Sapagkat 800 kalahok lamang ang kapasidad ng Event Theater ng



*"Creating Possibilities, Inspiring Innovations"*
**Address:** Sitio Fori, Brgy. Talipan, Pagbilao, Quezon
**Trunkline #:** (042) 784-0366, (042) 784-0164, (042) 784-0391, (042) 784-0321
**Email Address:** quezon@deped.gov.ph
**Website:** www.depedquezon.com.ph

Pacific Mall Lucena na pagdadausan ng gawain kung kaya't 200 kalahok lamang sa bawat distrito ang maaaring dumalo. Depende sa mauuna at maagap magparehistro sa bawat distrito ang maaaring makadalo.

4. Ang *link* ng rehistrasyon ay magmumula sa kinatawan ng bawat distrito. Inaasahan na maka-kapagparehistro ang mga nais dumalo simula Hulyo 31 hanggang Agosto 3, 2023.

5. Para sa gastusin sa sertipiko at iba pang paghahanda, mayroong boluntaryong rehistrasyon na PHP 100.00 na maaaring ipadala sa mga itinalagang kinatawan ng bawat distrito.

6. Para sa iba pang impormasyon at katanungan, maaaring makipag-ugnayan kina EPS Joseph E. Jarasa sa CP No. 09685521143 at Pangulo ng GATFILZON Elizabeth R. Zeta sa CP No.0960539037.

7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**ROMMEL C. BAUTISTA, CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan